# "ANG PANGAHAS NA SI PEPE RODRIGUEZ": DULANG GANAP ANG HABA


## BUOD

Ang dula ay isang parsa na magsisimula sa isang misteryong pananaksak sa isang lalaki. Hindi niya alam kung sino ang nanaksak o kung ano ang dahilan ng pananaksak.

Habang sinusubukang sagipin ng mga mediko ang buhay ng duguang lalaki, pagdadaanan niyang muli ang mga kaganapan ilang araw bago siya nasaksak.

Sa madaling salita, iimbestigahan niya ang misteryo sa likod ng kanyang sariling pananaksak, habang siya'y naghihingalo.

**MGA TAUHAN**

| | |
|---|---|
| **LALAKI** | Biktima ng pananaksak. |
| **BRIAN MOYA** | 37 years old. Isang tiktik o detektibo. |
| **CAROLINA "CARA" MANUEL** | 29 years old. May misteryosong trabaho. |
| **JACOB GARCIA** | 31 years old. May misteryosong trabaho. |
| **ELENA ADARNA** | 27 years old. Kaibigan ni CARA. |
| **MON HONTIVEROS** | 33 years old. Kliyente. |
| **JENNY HONTIVEROS** | 27 years old. Nurse. |
| **KLIYENTE 1** | 40 years old. Asawa ng pulitiko. |
| **MEDIKO 1 AT 2** | Mid-20s pareho. |
| **PULIS** | 40 years old. |

.

**TAGPO**

Hapon. Sa bahay ni CARA. Sa kasalukuyan.

## UNANG YUGTO: ANG KWENTO NG TIKTIK

### Eksena 1: Ang Pananaksak

*Kadiliman.*

*Sa pagbukas ng ilaw, tatambad sa manonood ang isang lalaki. May hawak siyang pink na notebook. Mukha siyang balisa, palakad-lakad sa isang kwarto.*

*Sa background, mapapansin na may kama. Sa tabi ng kama, may maliit na lamesa na may dalawang upuan.*

*May katok na maririnig. Hindi kita ng manonood kung sino ang kumatok. Aalis ang lalaki sandali sa entablado, para buksan ang pinto. May sisigaw ng,* "*Pepe Rodriguez, katapusan mo na!*"

*May maririnig na kalampag.*

*Maglalakad dahan-dahan ang lalaki pabalik ng entablado. Duguan siya. Babagsak siya sa sahig.*

*Magdidilim ang entablado.*

**<u>Eksena 2: Ilang Alaala ng Biktima</u>**

*Sa pagbukas ng ilaw makikitang nakatayo si LALAKI sa entablado. Ang damit niya ay duguan. Yung saktong duguan lang. Hindi sobra. Dugo ito mula sa maraming saksak. Sa madaling salita, mukha siyang zombie; zombie na noir.*

*Sa magkabilang tabi, may dalawang mediko na may hawak na mga insturmentong panggamot.*

*Ang boses ng lalaki ay may garalgal, yung garalgal na pang noir at hindi yung pang may asthma.*

*Halimhim at krudo ang pagbigkas ng lalaki ng kanyang mga linya. Yung boses na sobrang gritty, parang yung kay Batman sa "The Dark Knight Returns."*

*Hindi pa rin alam ng manonood kung sino ang nasaksak.*

*Titignan ng lalaki ang mga saksak sa katawan.*

**<u>LALAKI</u>**

(sasabihin sa manonood)

Shet. Mamamatay na yata ako. Sino gumawa nito? Bakit niya ko sinaksak? Nananahimik ako eh. Kung sino man iyon, mahuhuli din 'yun. Bad trip talaga.

**<u>MEDIKO 1</u>**

(sasabihin kay MEDIKO 2)

Bro, ang pulso! Humihina ang pulso!

**<u>LALAKI</u>**

(sasabihin sa manonood)

Gusto ko sanang sabihin sa dalawang mediko na ito ang mga alam ko tungkol sa kaso. Kaya lang, kapag nagsasalita ako, walang boses na lumalabas. Ang naririnig lang nila, mga tunog na parang nagmumumog pagkatapos mag-toothbrush. Siguro umakyat na ang dugo papunta sa lalamunan ko.

(ubo-ubo)

*Taranta pa rin ang dalawang MEDIKO. Sinusubok nilang sagipin ang lalaking nasaksak.*

**<u>MEDIKO 2</u>**

(Nandidiri)

Bro, tignan mo! Ang ganiyang fluid galing sa atay yan! Yuck! Gross!

*Titingin ang LALAKI sa dalawang MEDIKO.*

**<u>LALAKI</u>**

(sasabihin sa manonood)

Ang mga taong nasaksak, dapat relaxed sana, para hindi tumakbo ng mabilis ang pulso at maubusan ng dugo. Pero paano ka naman mag-rerelax kung may nagsisigawan sa tabi mo tungkol sa fluid ng atay mo, diba? Sana bago ako tuluyang maubusan ng dugo, malutas ko ang misteryo ng aking pananaksak. Kailangan gamitin ko ang kapangyarihan ng aking memorya.

**<u>MEDIKO 1</u>**

(sasabihin kay MEDIKO 2)

Bro, feeling ko nagkakaroon na siya ng near-death experience, as in, ngayon na. Tignan mo yung mata niya o!

*Titignan ni MEDIKO 2 ang mga mata ni LALAKI.*

**<u>MEDIKO 2</u>**

Ano kaya feeling ng isang near-death experience? Balita ko lahat daw ng karanasan mo habang nabubuhay ka, uulit sa isip mo. Totoo kaya 'yun?

*Panonoorin si LALAKI ng dalawang MEDIKO.*

**LALAKI**

(sasabihin sa manonood)

Totoo yung tsismis na pag may "near-death experience" ka, yung isip mo, magsasayaw at mag cha-chacha. Patalon-talon, pabalik-balik sa nakaraan at sa kasalukuyan. Wala ka na kasi sa tamang ulirat. Maaaring nagdedeliryo ka na. Kaya't kailangan kong mag-focus.

*Hahawak sa ulo si LALAKI at tatahimik. Kukunot ang kanyang noo.*

**LALAKI**

Ang isip ko ay nakatutok, nakakapit, sa kung anumang makabuluhang alaala na maaaring maging susi sa misteryo. Sino ba ang nasa likod ng krimen?

*Papalakpak si MEDIKO 1. Aawatin siya ni MEDIKO 2.*

**LALAKI**

(sasabihin sa manonood)

Nakakapit ang isip ko sa aking atay; ang atay kong maaaring nanilaw na't nanigas dahil sa daan-daang bote ng alak.

*Kukunin ni MEDIKO 1 ang atay ni LALAKI mula sa ilalim ng suot nitong kamiseta at iaabot ito sa LALAKI.*

**LALAKI**

(sasabihin sa manonood)

Nakakapit ako sa isang pangalan: Pepe Rodriguez. Tinawag niya akong Pepe Rodriguez. Hindi naman Pepe ang pangalan ko. BRIAN ang pangalan ko; BRIAN MOYA. Kung anumang misteryo  ang bumabalot sa aking pananaksak, may kinalaman itong lahat kay Pepe Rodriguez.

*Magdidilim ang entablado.*

## Eksena 3: Palaisipan sa Kwarto

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa kwarto muli tayo ni CARA. May mga nakahiga sa kama; nakatalukbong.  Babangon si BRIAN. Mukha pa*

*rin siyang zombie. Maglalakad siya patungo sa manonood at magtatalumpati.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Ito ang gabi bago ako nasaksak. Nang gabi na 'to, pakiramdam ko'y gumapang ang buwan papalapit sa mundo. Sa lugar na 'to, habang kasama ko si CARA, habang nakasilip ang buwan sa bintana na parang mata ni Bathala, nakaramdam ako ng katahimikan. Naramdaman ko na kahit marami akong nagawang mali, kahit madilim ang nakaraan ko, malinis pa rin ang pagkatao ko. At alam ko na matagal akong magiging maligaya hangga't hindi ko naaalala ang aking mga sala.

*Babangon din si CARA at babatuhin ng unan si BRIAN.*

**<u>CARA</u>**

BRIAN, ano ba? Hating-gabi ang ingay-ingay mo diyan. Magpatulog ka naman!

**<u>BRIAN</u>**

Balisa lang ako kasi, masasaksak ako bukas. Itong gabi na ito yata ang huling gabi nating magkasama, CARA.

**<u>CARA</u>**

Ano ba, beh? Baka naalimpungatan ka lang. Matulog na tayo, *please*. Maaga pa pasok ko bukas.

**<u>BRIAN</u>**

Totoo nga, beh. May pupunta dito bukas at sasaksakin ako.

*Lalapit si CARA kay BRIAN.*

**<u>CARA</u>**

At saan ka naman sasaksakin?

*Ituturo ni BRIAN ang mga saksak sa katawan.*

**<u>BRIAN</u>**

Dito. At saka dito.

**<u>CARA</u>**

Ah.

*Titignan ni CARA ang mga tama ng saksak.*

*Titingin si CARA  sa manonood.*

**<u>CARA</u>**

Wala naman eh. Itulog mo na lang iyan, BRIAN. Ang weirdo mo talaga.

*Hihiga muli si CARA at magtatalukbong ng kumot.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Noong gabing 'yun, matapos tanggalin ni CARA ang kaba ko mula sa mga imahe ng pananaksak sa isip ko, magdamag kaming nagpagulong-gulong sa kama. Nagtalik kami na parang walang bukas.

*Lalapit si BRIAN sa nakahigang si CARA. Bago pa siya makarating sa kama, magsisisigaw na si CARA mag-isa.*

**<u>CARA</u>**

BRIAN, ang intense mo naman! Kung makipagtalik ka, parang walang bukas!

*Titingin si BRIAN sa manonood.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Isinabuhay namin ang apoy ng pagnanasa. Ang naganap ay parang isang mahabang eksena mula sa isang pelikula kung saan ang mga gumanap na artista ay

magkasintahan sa totoong buhay. Ginawa namin ito magdamag, hanggang sumikat ang araw at mag-umaga.

*Lalapit muli si BRIAN kay CARA, bigla itong babangon at maghihikab.*

**<u>CARA</u>**

Good morning! Kain na tayo?

*Uupo si CARA at si BRIAN sa isang lamesa kung saan may almusal. Kakain ang dalawa. May ilalabas na pink na notebook si CARA. Titingin kay BRIAN si CARA at may isusulat sa notebook.*

**<u>BRIAN</u>**

Anong ginagawa mo CARA? Bakit ka mukhang seryosong nagsusulat sa pink na notebook?

(bibigyang-diin)

Siguro importante mga sinusulat mo diyan?

**<u>CARA</u>**

Wala ito. Kasama sa trabaho ko. Nagsusulat ako ng kwento.

(kikindat sa manonood)

*Paulit-ulit titingin si CARA kay BRIAN at magsusulat sa notebook. Matapos ang ilang ulit ng pagsulyap at pagsulat, kukunin ni CARA ang cellphone at kukunan ng litrato si BRIAN.*

**BRIAN**

Para saan yan?

**CARA**

Wala lang. Pang-*Facebook*. Puro aso kasi nasa FB mo eh. Teka, nga, anong oras na ba? Baka late na ko!

*Titingin sa relo si CARA.*

**CARA**

Shet! Late na nga ko! Maliligo na ko! Baka mapagalitan ako ng boss ko.

**BRIAN**

Hindi pa rin ako sigurado kung ano ang trabaho mo, CARA.

(magbabago ang tono ng pananalita; magiging *gritty*, parang si Batman)

Pero, mas magandang ganoon. Ayokong pag-usapan ang mga trabaho natin. Kasi madilim ang nakaraan ko. Sobrang dilim.

**CARA**

Okay. Ligo lang ako, ha?

*Aalis si CARA sa entablado. Lalapit si BRIAN sa manonood.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Ito ang umaga ng pananaksak sa akin. Nang mag-aalmusal kami, napansin ko na panay ang pagsulat ni CARA sa isang notebook. Magkikita daw sila ng boss niya? Sino kaya ang boss na 'yun?

*Hindi lalabas si CARA sa entablado. Babalik si BRIAN sa kama.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Pagkatapos maligo ni CARA, kumandong siya sa akin at niyakap ko siya ng mahigpit habang hinahalikan siya. Siguro dahil alam ko na, noon pa man, kung ano ang mangyayari pagdating ng hapon.

*Hindi lalabas si CARA sa entablado. Yayakap si BRIAN sa kawalan at gagawa ng mga tunog ng halikan.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Nagsuot si CARA ng dilaw na sleeveless at maikling palda. Umikot-ikot siya at nagmodel-model.

*Nakaupo si BRIAN sa kama, kunyaring pinapanood si CARA na nagmomodel-model.*

**BRIAN**

(sasabihin sa kawalan)

Oo. Ang ganda. Bagay nga sa'yo.

*Wala pa rin si CARA. Tatayo si BRIAN kung saan dapat nandoon si CARA. Paliliitin niya ang boses para magtunog babae.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa kawalan)

Pupunta siya rito at sasabihing...

(boses babae)

"BRIAN, kailangan ko na talaga umalis."

*Babalik si BRIAN sa kanyang pwesto sa kama.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Tapos sasabihin ko, **"**Dito ka na lang. Tumawag ka na lang sa boss mo, sabihin mo may sakit ka."

*Tatayo mulio si BRIAN kung saan dapat nandoon si CARA.*

*Darating si CARA. Hindi siya makikita ni BRIAN at sabay nilang sasabihin ang susunod na linya ---*

**<u>BRIAN/CARA</u>**

Hindi pwede kasi bago pa lang ako sa trabaho.

*Magtitinginan ang dalawa. Babalik si BRIAN sa kanyang pwesto sa kama.*

**<u>CARA</u>**

Alis na ko, BRIAN. Kita na lang tayo mamaya. Bye!

*Aalis sa entablado si CARA.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Ito ang huli niyang sinabi bago siya umalis. At hapon, matapos nitong tagpong ito, naganap ang pananaksak sa akin.

*Magdidilim ang entablado.*

## <u>Eksena 4: Mga Importanteng Bahagi ng Katawan</u>

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nakatayo si BRIAN. Sa magkabilang tabi, nandoon muli ang dalawang mediko.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Madami pala akong saksak. Nagdedelikado na ang buhay ko. Alam ko 'to kasi nagsisigawan pa din ang dalawang mediko sa tabi ko.

**<u>MEDIKO 1</u>**

(pasigaw)

Bro, tinamaan din ang spleen! Pero, bakit may black?

**<u>MEDIKO 2</u>**

(nandidiri)

Yuck, marrow yan! Tinamaan din yata ang spine!

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin kay MEDIKO 1 at MEDIKO 2)

Kailangan ba talagang ipaalala sa taong namamatay na namamatay siya? Ang insensitive n'yo naman!

(sasabihin sa manonood)

Ang spleen at ang spine ay mga importanteng bahagi ng katawan.

*Kukunin ni MEDIKO 1 ang spleen mula sa ilalim ng suot ni BRIAN at iaabot kay BRIAN.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Ang spleen ang nagsasala at nag-iipon ng dugo. Ang red at white blood cells dito nakareserba. Nilalabanan ng spleen ang ilang bacteria na maaaring maging sanhi ng penumonia at meningitis.

*Kukunin ni MEDIKO 2 ang spine mula sa ilalim ng suot ni BRIAN; sa bandang likuran. Iaabot ni MEDIKO 2 ang spine kay BRIAN.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Ang spine naman ang umaalalay sa tao para makatayo at makapaglakad. Kapag na-damage ang spine, madalas hindi na nakakatayo o nakakalakad ang biktima.

*Titingin si MEDIKO 1 at MEDIKO 2 kay BRIAN. Titignan nila si BRIAN mula paa hanggang ulo. Magtataka sila kung bakit siya nakakatayo.*

*Titingin sila sa manonood. Magkikibit pareho ng balikat at itutuloy na lamang ang panggagamot kay BRIAN.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Sa loob ng spine ay may marrow, sa tagalog, ubod. Ito ang black na sinasabi nila. Siguro nagtataka kayo kung bakit ko alam 'to, ano? Matagal din kasi akong umali-aligid sa ospital. Marami akong natutunang "medical terms." May kinalaman ito sa madilim kong nakraan. Aaminin ko na: Dati akong tiktik, o sa makabagong pananalita, detektibo. Oo, para akong si Batman.

*Magdidilim ang entablado.*

**Eksena 5: Ang Madilim na Nakaraan ni Brian**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa isang opisina si BRIAN. Nakatayo siya sa entablado.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Ito ang dati kong buhay, ang dati kong trabaho, at ang madilim kong nakaraan. Oo, para akong secret agent, pero hindi parang James Bond, kasi hindi naman ako nagtrabaho para sa gobyerno. Hindi rin parang si Mike Enriquez. Wala naman akong hinuhuling abusado. Ang ginagawa ko lang, inaalam ko kung sino'ng nanonorotot at nagtataksil sa nagbabayad sa akin. Totoo, maraming mga babae't lalaki ang nagbabayad nang malaki para lang malaman kung may ibang kalaguyo ang mga asawa nila. Madalas, meron. Kagaya noong isang babaeng asawa ng congressman.

*Sa background mapapansin na may eskritoryo (office desk), at may isang upuan sa tabi nito. May babaeng mataba na papasok at mauupo sa upuan. May pipindutin siya sa ibabaw ng lamesa; isang maliit na kuliling.*

*Makukuha ang atensyon ni BRIAN. Lalapit sa eskritoryo sa background si BRIAN at mauupo. Magsasalita na ang kliyente.*

**KLIYENTE 1**

Sir, kahapon po may pinakuha sa akin sa dashboard ng kotse yung asawa ko. Hindi niya daw po kasi makita yung salamin niya. Tinignan ko kung nandoon nga ang salamin, pero wala naman. So, hinanap ko sa buong kotse. Sa paghahanap ko nga ng salamin, nakakita ako sa ilalim ng upuan, sa may *passenger* side, ng isang kahon. Sobrang na-excite ako, binuksan ko kaagad...

*Bubuksan ng ni KLIYENTE 1 ang kahon.*

**KLIYENTE 1**

Kaso, nang buksan ko nga, nakita ko na ito yung laman.

*Ilalabas ng kliyente ang isang red dress. Mapapansin na napakasikip nito at halatang hindi kasya sa kanya.*

**KLIYENTE 1**

Naisip ko, parang ang liit naman. Hindi yata kasya sa 'kin 'to. Natatabaan ba siya sa akin at iniisip na kapag niregaluhan ako nito, magpapapayat na 'ko? Hindi ko sinasabing nambababae ang asawa ko, ha? Gusto ko lang malaman kung... ah... stressed ba siya sa trabaho? May gumugulo ba sa isip niya? Kasi, paano naman niya maiisipang pwede akong magkasya dito?

**BRIAN**

Sigurado po ba kayo na para sa inyo iyan?

**KLIYENTE 1**

Ibig mong sabihin, sir, asawa ko ang magsusuot nito? Malabo pong mangyari 'yun, kasi hindi naman siya mahilig sa red.

**BRIAN**

Ay, hindi po, ma'am. Baka hindi rin po para sa kanya.

**KLIYENTE 1**

Kay junior? Hala, sir, hindi kasya sa kanya 'yan. Mas mataba pa po sa akin 'yun.

**BRIAN**

Ay, hindi po, ma'am.

**KLIYENTE 1**

Wala bang clue?

**BRIAN**

Wala. Bawal.

**<u>KLIYENTE 1</u>**

Kay yaya?

**<u>BRIAN</u>**

(galit)

Seryoso ka?

**<u>KLIYENTE 1</u>**

(mas galit; pasigaw)

Oo! Alam ko para sa babae niya. Gusto ko lang naman sa iba manggaling. Kainis ka naman, di mo ko mapagbigyan!

*Aalis ang babae sa entablado. Magbubuntong-hininga si BRIAN. Tatayo siya mula sa kinauupuan, lalapit sa harap ng entablado, at kakausapin muli ang manonood.*

**<u>BRIAN</u>**

(sasabihin sa manonood)

Mga tao talaga. Kung hindi man sila ang nagtataksil, nagdududa sila na ang kasintahan naman ang may ginagawang kalokohan. Ang maganda sa ganitong negosyo, mayroon man o walang manloloko, kikita ako. Para 'kong doktor o mortisyano, diba? Ang pagtataksil at pagdududa kasi, tiyak 'yan sa relasyon. Hindi 'yan nawawala sa uso – parang sipon o ubo; parang kamatayan.

*May lalaking papasok at mauupo sa upuan sa tabi ng lamesa. Pipindutin niya ang maliit na kuliling.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Sandali. May customer yata.

(Babalik sa lamesa sa background si BRIAN at mauupo.)

Sir, magandang hapon! Ano pong kailangan n'yo?

**MON**

Ako po si Mon. Ah, yung asawa ko po kasi, si JENNY matagal na kaming hindi *close*. Simula nang bumalik siya sa pag-aaral at mag- *nursing,* parang lumayo ang loob niya. Kapag sinusubukan ko siyang kausapin, umiinit ang ulo niya at sinasabing pagod siya sa duty sa ospital at sa mga review classes. Sinasabi niya na kung marunong daw akong makiramdam, hindi ko siya kukulitin at hahayaang ko siyang magpahinga. Sinasabi niya lang palagi, 'Ano? Gusto mong mag-usap, Mon? Ayokong mag-usap. Ang gusto ko, magpahinga.' Concerned lang naman ako para sa asawa ko. Gusto ko lang malaman kung... Bakit lagi siyang pagod...

(titigil saglit)

...If you know what I mean.

(kikindat)

**BRIAN**

Walang problema, sir. Bibigyan ko po kayo ng form. Ilagay n'yo po dito ang ilang mga detalye na makakatulong sa imbestigasyon natin. Tapos balik po kayo sa akin, sa isang linggo. Ang fee po natin ay two thousand pesos per day. Kalahati ngayon, kalahati pagkatapos ng imbestigasyon. Ibabalita ko po lahat ng natuklasan ko sa panahon na 'yun. Kapag hindi po kayo nasiyahan sa serbisyo, pwede na po nating itigil. Kapag okay naman, ituloy po natin. Pero, madalas naman, isang linggo lang, masasagot na

ang mga tanong n'yo. Sa tingin ko malalaman natin kaagad kung bakit laging pagod si misis...

(titigil saglit)

...If you know what I mean.

(kikindat)

**<u>MON</u>**

Wala po bang paraan para makakuha ng discount?

(titigil saglit)

If you know what I mean.

(kikindat)

**<u>BRIAN</u>**

(mahihiya)

Sorry, sir. Cash lang po kami dito.

**MON**

(ngingiti)

Sure ka?

(kikindat)

You know what I mean?

**BRIAN**

(kakamot sa ulo)

Opo. Pero, cash lang po talaga kami dito, sir.

**MON**

(manghihinayang)

*Fine*. Heto.

*Iaabot ni Mon kay BRIAN ang isang envelope.*

*Tatayo si BRIAN at lalapit sa manonood.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Sa totoo lang, hindi ako naniniwalang may kinalaman sa closeness o hindi pag-uusap ang concern ni Mon. Sa palagay ko, ang talagang concern niya, ay ayaw makipagtalik ng asawa niya. Hindi ka naman magbabayad ng P14,000 para malaman kung bakit ayaw "makipag-usap" ng asawa mo, diba? So, nag-imbestiga ako. Makalipas lang ang ilang araw may naipakita na akong hindi magandang litrato ng asawa ni Mon.

*Lalabas sa projector ang unang litrato. Isang babae at isang lalaki naghahapunan habang nagtatawanan.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Sa unang litrato, makikita na naghahapunan si JENNY kasama ang isang doctor.

*Lalabas sa projector ang pangalawang litrato. Isang babae at isang lalaki ang magkayakap.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Sa pangalawang litrato naman, makikitang magkayakap sila. Kinuha ko ito pagkatapos nilang mag-usap tungkol sa isang pumanaw na pasyente. Hindi naman ito ebidensiya ng kataksilan. Maaaring magkaibigan lang sila at sabay maghapunan minsan. Yung yakap naman, maaaring dahil lang nadala sila ng lungkot. Pero, madalas sapat na ang ilang inosenteng litrato para magduda lalo ang kliyente, at paimbestegahan ng ilang buwan ang asawa nila. Hindi ko naman sinasabing may kataksilang nangyayari. Ang sinasabi ko lang, ito ang mga litratong nakuha ko na maaaring magbigay linaw sa sitwasyon.

*Babalik sa lamesa sa background si BRIAN at mauupo.*

**BRIAN**

Sir, bago po natin ituloy 'to, gusto ko lang pong ipaalala na hindi naman ibig sabihin nito na tapos na may ginagawang mali ang misis n'yo, ano? Sa tantya ko, hindi pa naman sapat ang nalalaman natin para sabihing may pagtataksil na nagaganap. Mas maganda po siguro kung habaan pa natin ang imbestigasyon ng siguro mga dalawa o tatlo pang linggo para lang makasigurado tayo sa katotohanan. Pero, heto po ang ilang litratong nakuha ko.

*Ibibigay ni BRIAN ang unang litrato kay MON.*

**<u>BRIAN</u>**

Dito sa unang litrato, makikita po natin na naghahapunan si JENNY kasama ang isang doktor. Mukhang masaya silang nag-uusap.

*Ibibigay ni BRIAN ang pangalawang litrato.*

**<u>BRIAN</u>**

Heto naman, nakuha ko sa ospital mismo. Magkayakap ang doktor at si JENNY sa hindi alam na dahilan. Pero, kagaya ng sinabi ko kanina. Hindi pa naman ito sapat na ebidensiya. Kailangan ko pang mag-imbestiga para malaman kung mayroon talagang namamagitan sa dalawa.

*Mapapayuko si MON at iiyak.*

*Hahawakan ni BRIAN ang balikat ni MON. Titigil sandali si MON. Magtitinginan sila. Hahawakan ni MON ang kamay ni BRIAN.*

*Aalisin ni BRIAN ang kamay niya sa balikat ni MON. Tatayo siyang dahan-dahan. Tatalikod siya kay MON at magtatalumpati.*

**BRIAN**

Ang payo ko lang, pare, 'wag kang magpadala sa emosyon. Hindi pa naman tayo sigurado eh. 'Wag kang magpadala sa lungkot. At kung totoo man, hindi ito dahilan para maghiwalay. Ang mga relasyon naman, maaari pang maayos; ang mga problema maaaring pag-usapan.

*Hihinga si MON ng malalim. Mag-iiwan siya ng pera sa lamesa at aalis siya sa entablado.*

(walang kausap)

Ang kataksilan ay isang realidad na maaaring mangyari sa lahat ng relasyon.

(titingin sa kawalan)

MON, alam ko ang nararamdaman mo. Masakit talaga ang magmahal. Mas masakit ang mapagtaksilan. Pero, ang pinaka-masakit sa lahat ay ang masaktan. MON?

*Tatalikod si BRIAN para tignan kung nandoon pa si MON*

(matataranta)

Nagbayad ba 'yun? May utang pa sa akin 'yun ah!

*Tatakbo si BRIAN papunta sa lamesa. Makikita niyang may nakapatong sa lamesa na pera.*

(magiginhawaan)

Nagbayad naman pala.

*Kukunin ni BRIAN ang pera at ipakikita sa manonood.*

(magpapaulan ng pera; ipamimigay sa manonood)

Easy money. Make it rain!

(sasabihin sa manonood)

Habang tumatagal, lumalakas pa lalo ang negosyo ko. Sobrang lakas. Umabot na sa puntong nahihirapan ako sa dami ng gustong magpa-imbestiga. Naisipan kong kailangan ko ng junior private investigator. Yung tipong taga-ayos ng papeles, taga-sagot ng telepono, at taga-record ng mga kaso. Nagpalagay ako ng advertisement sa diyaryo. Makalipas ang ilang araw, bumili ako ng diyaryo para makita kung ano ang itsura ng advertisement ko.

*Kukuha ng diyaryo si BRIAN mula sa lamesa. Habang nakaupo, babasahin niya ang diyaryo.*

(babasahin sa diyaryo)

Wanted. Junior Private Investigator. Male or Female. 21-35 years old. Hard Working. Organized. Call center experience is a plus, but not required. High School Graduates welcome to apply.

(sasabihin sa manonood)

Nasa page four. Walang mali sa spelling. Pero nang makita ako ang nasa front page, nanlumo ako.

*Ililipat sa harap na pahina ni BRIAN ang diyaryo, at babasahin niya ito.*

(babasahin sa diyaryo)

May natagpuang patay na mag-asawa kagabi sa Maynila. Ayon sa imbestigasyon, binaril ni MON Hontiveros ang kanyang asawang si JENNY sa loob ng kanilang bahay, bago nito barilin ang sarili. Hindi pa alam ang motibo sa likod ng pamamaril.

*Tatayo si BRIAN at lalapit sa manonood.*

(sasabihin sa manonood)

Ano kaya ang pwedeng nangyari kung sinabi ko kay MON na walang ginagawang masama ang asawa niya?

*Papasok si MON at JENNY sa entablado. Mukha silang masaya. Magsasayaw silang dalawa ng*

*malaswa sa isang tutog na katunog ng "Careless Whisper," pero hindi "Careless Whisper," kasi may copywright yung kantang 'yun.*

(sasabihin sa manonood)

Ano kaya kung ang litrato na ipinakita kong mg alitrato ni JENNY ay ang pag-aalaga nito sa mga bata't matatandang may sakit? Siguro mas maganda ang naging kapalaran ng dalawa. Baka natapos ni JENNY ang kurso. Baka nakapag-abroad sila. Baka nagkapamilya. Baka naging maligaya. Pero wala na lahat iyon, dahil lang sa ilang litrato. Ito ang dahilan kung bakit iniwan ko ang negosyong 'yun. Malagim kasi ang industriya ng mga sikreto. Paano ko iniwan? Basta iniwan ko na lang. Hindi na nga ako nakapag-paalam sa may ari. Ayoko na kasing maalala ang mga buhay na nasira ko.

*Aalis sa entablado sina MON at JENNY.*

(sasabihin sa manonood)

Maganda rin sana ang kapalaran namin ni CARA. Low-profile lang. Simple. Magtatalik kami sa gabi. Sa umaga, papasok kami sa trabaho. Magkikita kami sa bahay pagkatapos. Manonood kami ng mga pirated DVD habang naghahapunan. Magsusulat-sulat si CARA sa pink na notebook na lagi niyang dala. At hindi sisikat ang araw na hindi kami magkasama. Hindi na mangyayari lahat 'yun kasi nga mamamatay na 'ko, at

ang pananaksak sa akin ay may kinalaman kay Pepe Rodriguez... at sa pink na notebook ni CARA. Oo, ang pink na notebook ang susi sa palaisipang ito.

*Magdidilim ang entablado.*

**Eksena 6: Ang Pink na Notebook ni CARA**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa kwarto muli tayo ni CARA. Babangon si BRIAN mula sa kama at mapapansing naiwan ni CARA ang notebook niya.*

**BRIAN**

Hala! Naiwan pala ni CARA notebook niya. Ano kaya laman nito? Ano kaya pinag-sususulat ni CARA? Mabasa nga.

(Babasahin ni BRIAN ang isang pahina.)

Jan 13 – Umalis na si Pepe sa restaurant. Isang gotohan sa may Fairview. May kausap siya na waitress na sobrang ganda.

(Babasahin ni BRIAN ang isa pang pahina.)

Jan 14 – Mag-isang nag-celebrate si Pepe ng birthday. Wala siyang kasama kundi ang aso niyang ang pangalan ay "Prince." Loner siguro siya. Napansin ko na may scar siya sa kilay. Dahil dito mukha siyang goons. Pero mukha pa rin siyang mabait. So, mukha siyang mabait na goons.

(Magkakamot ng ulo si BRIAN at magtataka.)

Sandali. Sabi ni CARA sa akin, mga kwento daw ito. Pero, hindi naman mga kwento ito ah! Mga obserbasyon ang nakasulat. Mga record ng ito ng isang imbestigasyon. Aha! Mayroon siyang tini-tiktikan. At sino naman ang iimbestigahan ni CARA?

(Babasahin ni BRIAN ang isa pang pahina.)

Jan 16 – Nag-ahit si Pepe. Baka ginagawa niya ito para mag-disguise sa mga pulis. Siguro may ginawa na naman siyang masama.

(Mawiwindang si BRIAN. Lalapit siya sa manonood.)

(Sasabihin sa manonood)

Sandali. Sandali. Una kaming nagkita ni CARA sa isang restaurant noong January 13. At totoo na ang aso ko lang ang kasama ko noong araw ng birthday ko. At nag-ahit din ako dahil sinabi ni CARA na nakikitinik ang bigote ko kapag hinahalikan ko ang pisngi niya. Ang nakakapagtaka lang talaga, Pepe siya ng Pepe, eh hindi naman Pepe ang

pangalan ko. Ang pangalan ko ay BRIAN; BRIAN MOYA. Pero mahigit dalawampung pahina na ang nakasulat sa notebook niya at lahat yun tungkol sa 'kin. Bakit niya ginagawa ito? O! May address pa na nakasulat sa notebook niya. Pero address ito ng dati kong opisina. Bakit nagpupunta dito si CARA?

*Balisang maglalakad-lakad sa entablado si BRIAN.*

(masasabik)

Naaalala ko na. Nangyari lahat ito nang umagang yun, umaga bago ang pananaksak. Pinuntahan ko ang address na nakasulat para kausapin si CARA tungkol dito. Oo, bago ako nasaksak, hinahanap ko si CARA.

*Magdidilim ang entablado.*

## <u>PANGALAWANG YUGTO</u>: ANG KWENTO NG KABIT

### <u>Eksena 7: Ang Paghahanap Kay Pepe Rodriguez</u>

*Sa pagbukas ng ilaw. tatambad sa manonood si CARA Manuel. Nakatayo si CARA sa gitna ng entablado.*

**<u>CARA</u>**

(sasabihin sa manonood; nanlilisik ang mga mata)

"Si Pepe Rodriguez, sobrang sama niya, dapat nilunok na lang siya ng nanay niya."

(magbabago ang tono ng pananalita; kalmado)

Yun ang sinabi ni Mr. Garcia. Si Pepe Rodriguez raw ay masamang tao. Sinabi ni Mr. Garcia marami na raw krimen si Pepe, at ang unang assignment ko raw ay hanapin siya?

(manlulumo)

Oo, malakas ang radar ko sa current tsismis, at expert ang social skills ko sa pag-harvest ng neighborhood intriga, pero sa paghanap ng mga nagtatagong kriminal, hindi talaga ako expert. Ano ba 'tong pinasok ko?

(magdadabog; sasabihin sa manonood)

Siguro nagtataka rin kayo kung paano ako naging imbestigadora. Ako rin nagtataka eh. Hay, mga Bes, mahabang kwento.

**<u>Eksena 8: Walang Personalan, Trabaho Lang</u>**

*Makikita sa entablado ang isang maliit na lamesa. May karatula sa likod kung saan nakasulat ang, "TIKYO'S RESTAURANT."*

*Nakaupo sa isang restuarant si CARA kasama ang best friend na si ELENA.*

**<u>CARA</u>**

(malungkot pero pabebe)

Bes, hiniwalayan ako ni Peter. Nahuli kasi siya ni taba. Naalala mo sa mall, may itinuturo akong magandang dress, yung masikip?

**<u>ELENA</u>**

(magdadalamhati; agaw eksena)

O, ano naman ang nangyari sa dress?

**CARA**

Ayun, binili sakin ni congressman. Kaya lang, nahuli nga! Nakita ng asawa niya bago niya maibigay sa akin. Ano nang gagawin ko? Wala na 'kong allowance!

**ELENA**

(magdadalamhati; agaw eksena)

Ikaw naman kasi...

(titigil sandali)

...pabili ka ng pabili ng kung anu-ano. Ayan tuloy, nabisto jowa mo.

**CARA**

Bes, anong gagawin ko?

**ELENA**

(magdadalamhati; agaw eksena)

Ang hirap ng buhay.

(iiyak)

**CARA**

Bes, pwede itigil mo na 'yang drama mo?

**ELENA**

(magbabago ang tono)

Bes, malawak lang talaga ang range ng expression ko. Malungkot, masaya, kaya ko lahat yan. Kahit maliit ang role, kaya kong palakihin, bigyan ng lalim, gawing philosophical. Dapat kasi, performance level ka araw-araw. Hindi natin alam kung sino ang nakakakita sa atin.

(kakaway sa manonood)

Malay mo ma-*discover*. Try mo.

**CARA**

(titingin si CARA sa manonood)

Ganon ba?

(magbabago ang tono; magdadalamhati; agaw-eksena)

ELENA, ang dami kong bayarin! Wala na akong allowance!

**<u>ELENA</u>**

(magdadalamhati; agaw eksena)

CARA, CARA, maghanap ka na ng trabaho, CARA. Wag kang sumuko. Lumaban ka!

**<u>CARA</u>**

(magdadalamhati)

ELENA, sinusubukan ko naman eh! Pero ang mga modeling jobs...

(titigil sandali)

...laging may age limit. Ang yayabang ng mga agent. Ginagawa nila kaming *groceries*. Para kaming may expiration date!

**<u>ELENA</u>**

(magdadalamhati; agaw eksena)

Bes, 'wag mo na kasing ipilit 'yang model-model na 'yan.

(tatayo at titingin sa kawalan)

Ako nga, hindi ko natupad ang pangarap kong maging isang aktres. Dala ng kahirapan, labag man sa loob ko, nag-waitress ako sa gotohan.

(babalik sa upuian at hahawakan ang kamay ni CARA)

Okay lang yun. Okay lang ako...

(titigil sandali)

...Basta may marangal na hanapbuhay. Basta mabuhay.

**CARA**

(magbabago ang tono)

Ay! Ginalingan niya... Sige, panalo ka na.

**ELENA**

(hahawiin ang buhok)

O, diba? Anyway, ano na? Nag-iinarte ka pa kasi. Ang dami-daming trabahong pwede. Ang sabihin mo, nasanay ka sa allowance-allowance ng boyfriend mo.

**CARA**

Ang sakit mo naman magsalita. Parang pinalalabas mo na tamad ako ah. Bes, hindi porke maganda tamad na agad.

(galit)

Sige! Papatunayan ko sayo na masipag ako. Heto ang diyaryo!

(Kukuha ng diyaryo si CARA.)

Kapag nakahanap ka diyan ng trabaho, na qualified ako, papatulan ko! Kahit ano pa 'yan!

**ELENA**

Aba, aba!

(kukunin ni ELENA and diyaryo, babasahin ang ilang pahina)

Ayan, Bes!

(titigil sandali)

Page four. Ano sabi?

*Kukunin ni CARA ang diyaryo.*

**CARA**

Wanted. Junior Private Investigator. Male or Female. 21-35 years old. Hard Working. Organized. Call center experience is a plus, but not required. High School Graduates welcome to apply.

(Ngingiti si CARA. Tatayo siya at lalapit sa manonood)

(sasabihin samanonood)

Pumunta kaagad ako sa address na nakalagay suot ang pinaka-sexy kong damit; yung talagang nakaka-flatter sa curves ko. Halos tumulo ang laway ni Mr. Garcia noong nakita niya 'ko. Tanggap agad ang lola mo!

*Magdidilim ang entablado.*

**Eksena 9: Ang Mailap na Kriminal**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa isang opisina si CARA. Kaparehas ito ng dating opisina ni BRIAN. May pipindutin siya sa lamesa na maliit na kuliling. Lalabas sa entablado si JACOB Garcia.*

**JACOB**

(presko; feeling gwapo)

Hi, CARA! Nandiyan ka na pala. Maupo ka muna!

**CARA**

Thank you, sir!

(uupo si CARA)

**JACOB**

So, kumusta? May leads na ba tayo kay Pepe Rodriguez? Ano na nalaman natin so far?

(magpopose na parang modelo)

**<u>CARA</u>**

Sir, feeling ko talaga, hindi totoo si Pepe Rodriguez. Nag-google na ako ng pangalan niya at hinanap ko na rin siya sa Friendster, Multiply, at Facebook. Wala talaga.

**<u>JACOB</u>**

Ah ganoon ba? Mailap kasi talga iyang Pepe Rodriguez na yan. Wanted na wanted yan sa maraming probinsya.

**<u>CARA</u>**

Aling mga probisnya po?

**<u>JACOB</u>**

Sa, ano. Sa Nueva Ecija, sa Cebu... sa Fairview.

**<u>CARA</u>**

Pero, sir, nag-check na rin po ako sa ilang istasyon ng pulis. Wala po siyang criminal record talaga.

**JACOB**

Basta, wag ka lang susuko. Matutupad din ang mga pangarap mo. Hard work and determination lang. Punta ka lang lagi dito, tapos pag-usapan natin. Baka makatulong. Heto nga pala ang reimbursement mo, mula sa mga resibo last week.

**CARA**

Sige, sir. Tatawagan ko na lang po kayo 'pag may nahanap na 'kong lead.

*Aalis sa entablado si JACOB. Tatayo si CARA at lalakad papunta sa manonood.*

**CARA**

(sasabihin sa manonood)

Parang nakakahalata na ako ah. Possible kaya na imbento lang ni Mr. Garcia si Pepe Rodriguez at, ang totoo, palamuti lang ako sa office niya? Alam ko naman na natanggap lang ako kasi maganda ako. Alam ko naman na hindi ako sineseryoso ng mga tao. May nagsabi nga sa akin dati, "Alam mo, miss, ang malas mo?  Masyado kang maganda. Maraming lalaking mambobola, manloloko, magbabayad, at magsisinungaling para matikman ka." Ano ako, ulam? Gusto ko sabihin sa buong mundo: Don't judge a book by it's cover. Hindi dahil maganda ako, wala akong isip. Behind my beauty is my brains. I mean, okey lang sana kung regular ang suweldo. Pero hindi eh. Commission system! Ang sabi ni Mr. Garcia sa akin bibigyan daw ako ng food

and transpo allowance na hanggang sa three hundred pesos a day, basta may official receipt daw, at comissions na one thousand pesos kada item ng ebidensiya or lead na makakatulong sa imbestigasyon namin. Eh paano akong magkakaroon ng commission kung wala akong mahahanap na evidence or lead kasi wala naman talagang Pepe Rodriguez?

*Magdidilim ang entablado.*

**Eksena 10: Tadhana**

*Nakaupong muli sa isang restuarant si CARA kasama ang best friend na si ELENA.*

**CARA**

Bes, kumusta?

**ELENA**

(nagdadalamhati; agaw-eksena)

Heto... Heto pa rin.

**CARA**

Bes, pwede ibang emosyon naman. Pagod na ako magdalamhati eh.

**ELENA**

(magbabago ng tono)

Basag trip ka, CARA. Minsan lang ako mabigyan ng chance mag-practice ng acting 'di mo pa ko mapagbigyan?

**CARA**

Bes, sobra na kasi eh.

**ELENA**

Bakit ka ba nandito? Ano na naman kailangan mo? Mangungutang ka na naman ba?

**CARA**

Wow! Grabe, judgmental? Manghihingi lang naman ako ng mga official receipt diyan. Yung mga kumain ng customer na hindi nagpa-OR, balato mo na sakin.

**ELENA**

Para saan naman?

**CARA**

Kailangan ko kasi sa trabaho. Hindi kasi ibinibigay ang food allowance, hangga't walang resibo.

*Magsusulat si ELENA sa ilang resibo*

**<u>ELENA</u>**

O, ayan. Anyway, kumusta work?

**<u>CARA</u>**

Bes, ka-stress. Wala na nga akong pera, kailangan ko pang mag-MRT. Ang init-init. Nakakahilo. Tapos didikitan ka pa ng kung sinu-sino. Tapos, eto namang boss ko, manloloko yata. Sabaw na sabaw na 'ko kanina. Give up na nga dapat ako, pero, alam mo, may nag-inspire sa akin! Feeling ko, siya na talaga yung destiny ko.

**<u>ELENA</u>**

Bes, lalaki na naman ba iyan? Tigil mo nga yang destiny-destiny mo. Wala ka pang maayos na trabaho naglulumandi ka na naman.

**<u>CARA</u>**

Hindi, Bes, totoo na 'to!

**<u>ELENA</u>**

Hay naku, Bes, yan din ang sinabi mo sa congressman. Sabi mo destiny, tapos yun pala, may asawa.

**CARA**

Makinig ka na lang sa kwento, pwede?

**ELENA**

Ewan ko sa'yo! O, sige, go.

**CARA**

Anyway, sa MRT, may lalaking tumayo at sinabing, “Miss, ikaw na dito sa pwesto ko.” Pero hindi niya ako tinitigan, at hindi rin niya sinubukang makipagkilala. Tumayo lang siya sa harap ko. Nakayuko lang siya, tapos ang buhok niya nakatakip sa mga mata niya. Ang makikita lang, ang bigote niya. Tapos paghawi niya sa buhok niya, nakita ko may *scar* siya sa kilay. Mukha siyang matapang. Tapos, naisip ko, kung totoo si Pepe Rodriguez, ganon siguro dapat ang itsura niya. Sobrang *gritty*: may tahi siya sa kilay, medyo magulo ang buhok, payat, may bigote.

*Papasok si BRIAN sa restaurant.*

**ELENA**

Sandali, Bes. Pause muna natin love life mo, ha? May customer kasi.

*Makikita ni CARA si BRIAN at hihilahin niya si ELENA.*

**CARA**

(pabulong)

Bes! Bes! Siya yun! Yung nasa MRT!

**ELENA**

Ay, ang guwapo! At ang ganda ng suot. Bet!

**CARA**

(kinikilig)

Bes, type ko yung ganyan. Yung malinis manamit. Mukhang professional!

*Titingin si BRIAN sa sariling damit. Mapapansing may dugo pa rin ito. Hindi pa rin siya nagpapalit ng costume.*

**ELENA**

Ay, Bes, ganito. Isuot mo 'to. Ikaw yung kumuha ng order para may chance ka magpakilala.

*Ibibigay ni ELENA ang kitchen apron kay CARA. Kukunin ito ni CARA at isusuot. Lalapit siya kay BRIAN para kunin ang order.*

**<u>CARA</u>**

(magpo-pose si CARA na parang modelo)

Excuse me!

*Matatawang bigla si BRIAN.*

**<u>BRIAN</u>**

Miss, nakita ko na binigay sa'yo ng kaibigan mo iyang apron. Alam kong hindi ka waitress. Bakit ko alam  ito? Kasi naka-high heels ka. Walang waitress na naka-high heels.

(Tatayo si BRIAN.)

Hindi alam ng maraming tao, pero dati akong matinik na imbestegador. Marami akong nakikita na hindi nakikita o napapansin ng mga pangkaraniwang nilalang.

**<u>CARA</u>**

Hi! Ako nga --

*Ilalagay ni BRIAN ang daliri niya sa labi ni CARA, para hindi maituloy ni CARA ang sinsabi.*

**BRIAN**

Shh... Miss, alam ko na ang ending nito.

(sasabihin ng mabilis)

Lokohin lang natin ang mga sarili natin na may maaaring puntahan ito. Pero, maniwala ka sa sasabihin ko. Magkarelasyon man tayo, at sabihin man natin sa isa't-isa na habang buhay tayong magmamahalan, darating ang araw na pagtataksilan kita at pagtataksilan mo rin ako. At kung 'di man tayo magtaksil sa isa't-isa, sigurado pagbibintangan kita ng pagtataksil, at pagbibintangan mo rin ako ng pagtataksil. Lalala ito ng lalala, hanggang sa umabot sa puntong kung sino-sinong mga tarantado na ang inuutusan natin para pagmanmanan ang isa't-isa, tapos may madidiskubre tayo tungkol sa isa't-isa na sana'y hindi na lang natin nadiskubre tungkol sa isa't isa, tapos iisipin natin na sana hindi na lang nangyari ang gabi ng pagkikita, na naging pagkakataon para uminom at malasing ng magkasama, na naging dahilan para gawin, makakahiligan, makakaadikan, at makakasanayan, ang pagsasama, hanggang mapunta na nga ang nakahiligan, nakaadikan, at nakasanayan sa isang relasyong isang araw ay pagmumulan ng poot, galit, at mga masasamang ala-ala na dadalhin at pagsisisihan magpakailanman.

*Titigilsi BRIAN na parang tumigil ang oras.*

*Haharap si CARA sa manonood.*

**CARA**

(sasabihin sa manonood; nakangiti)

Ay, grabe! Ang honest naman nito. Siya na yata ang pinaka-honest na lalaki sa mundo!

(kikiligin)

Nang sinabi niya yun, parang tumigil ang oras. Para sa babaeng katulad ko na madalas niloloko, napaka-refreshing ng isang lalaking honest. Ganito kasi talaga nahahanap ang true love. Minsan talaga, pag suwerte, biglang lilitaw ang destiny mo sa mga oras at lugar na hindi mo inaasahan. May matinding emosyon na bumalot sa akin at naramdaman ko na kailangan ko sabihin sa kanya ang tungkol sa destiny. Pero sa sobrang kilig, hindi ko nasasabi sa kanya ang kailangan masabi.

*Babalik si CARA sa pwesto. Ibabalik niya ang labi niya at ididikit muli sa daliri ni BRIAN.*

**CARA**

Ako si CARA.

**BRIAN**

Ako si BRIAN.

*Magdidilim ang entablado.*

***Eksena 11: Happy Birthday, BRIAN!***

*Nakaupo sa restuarant si ELENA. Papasok sa entablado si CARA. Masaya siya at excited.*

**CARA**

Hi, Bes!

**ELENA**

O, bakit ang saya mo? Kayo na?

**CARA**

Ay, grabe! 'Di pa 'no. Hindi nga kami masyado nakapag-usap.

**ELENA**

Hiningi niya ba phone number mo?

**CARA**

Hindi nga eh. Pero, alam  mo, Bes, after last night, naramdaman ko na baka hindi na kami magkikita ulit. Mailap kasi si BRIAN eh. Napaka-private niyang tao. Pero, naniniwala kasi ako sa pag-ibig. So, ginawa ko ang kailangan kong gawin para magkita kami ulit.

**ELENA**

Ano naman ginawa mo?

*May kukunin si CARA sa shoulder bag niya.*

**CARA**

Kinuha ko yung wallet niya.

*Ngingiti si CARA kay ELENA at ipakikita ang wallet.*

**ELENA**

(gulat)

Bes, bakit mo naman ninakawan yung tao?

**CARA**

Excuse me, hiniram  ko lang. Gusto ko lang magkaroon ng dahilan bumalik siya dito para hanapin yung wallet niya, diba? Ibabalik ko naman 'to eh. Medyo bawas nga lang. Kasi, doon ko na rin kinuha yung pinambayad ko sa kinain ko hagabi.

**ELENA**

(gulat)

Hay naku! Iba ka, CARA.

**CARA**

(nagdadahilan)

Ano ba? Okay lang naman iyon, kasi diba pag first date ang lalaki naman talaga ang nagbabayad? Anyway, tinignan ko sa Facebook kung nandoon siya. Wala siya masyadong *pictures*. Meron lang ilang *pictures* ng aso. Ayon sa research ko, ang pangalan ng aso, "Prince." Nakita ko rin sa wallet niya ang SSS I.D. niya.

(Kakalikutin ni CARA ang wallet at ipakikita ang SSS ID.)

Nakalagay dito: BRIAN MOYA. 33-9622530-0. January 14, 1978. See? Tama ako. Destined talaga kami para sa isa't-isa. Capricorn siya. Taurus naman ako. Pag tiningnan sa online compatibility meter ang compatibility rating namin, 10/10! Ang galing ko talaga. Imbestegadora na akong tunay!

**ELENA**

Teka, kailan nga birthday niya ulit?

**<u>CARA</u>**

January 14, 1978. Capricorn nga. Compatible.

**<u>ELENA</u>**

Eh diba ngayon yun? Kawawa naman yung tao. Birthday niya tapos wala siyang wallet?

*Titignan ni CARA ang SSS ID.*

**<u>CARA</u>**

Ay shet, oo nga. Teka, Bes. Pupuntahan ko. Ibabalik ko lang yung wallet niya.

*Magdidilim ang entablado.*

**<u>Eksena 12: Nahanap na si Pepe Rodriguez</u>**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa opisina si CARA.*

**<u>CARA</u>**

(sasabihin sa manonood)

Sobrang naging close talakaga kami ni BRIAN, nung birthday niya. Na-appreciate niya kasi na pinuntahan ko siya para ibalik yung wallet niya. Pagdating ko nga sa office kinabukasan, si BRIAN pa rin ang nasa isip ko. Kung anu-ano tuloy nasabi ko kay Sir JACOB.

*Lalapit sa lamesa si CARA at may pipindutin na maliit na kuliling. Lalabas sa entablado si JACOB GARCIA.*

**<u>JACOB</u>**

Hi, CARA! Nakuha ko yung text mo. Kamusta ba? May leads na ba tayo?

**CARA**

Sir, mayroon na po.

(pabulong na sasabihin kay JACOB)

Nahanap ko na po si Pepe Rodriguez.

**JACOB**

(magtataka)

Ha? Paano?

**CARA**

Sir, sinundan ang payo niyo. Nag-work hard po ako talaga. Ang sabi niyo po sa akin, wanted siya sa maraming lugar. Kaya't nagpunta po ako sa NBI, tapos tinignan ko doon yung most wanted list. Tapos, minsan, sa may restaurant, may nakita akong kamukha ng isang nasa listahan, sumigaw ako, "Pepe! Pepe Rodriguez!" Tapos tumingin siya. Buti nakapag-tago agad ako.

**JACOB**

(matataranta)

Ha? Eh ano naman ang itsura niya?

**<u>CARA</u>**

May tahi siya sa kilay, medyo magulo ang buhok, payat, may bigote. Nakita ko siya sa may gotohan sa Fairview. May kasusap siyang babaeng maganda na sa palagay ko mahal na mahal niya.

**<u>JACOB</u>**

(magdududa)

Wow, good work! Hindi ako makapaniwalang nahanap mo siya.

**<u>CARA</u>**

Hard work and determination lang po, sir.

**<u>JACOB</u>**

(mapapakamot sa ulo)

Seryoso, hindi talaga ko makapaniwala.

**<u>CARA</u>**

(pabebe)

Sir! Paano na ang incentive ko? May lead na tayo.

*Mas lalong magdududa si JACOB, pero tutuparin ang napag-usapan at ibibigay ang P1000.*

**<u>JACOB</u>**

Heto. Pero next time dapat may physical evidence o kaya mga litrato ni Pepe? Pero mag-ingat ka, ha? Pangahas 'yang Pepe Rodriguez na yan!

**<u>CARA</u>**

Opo, sir. Kukuha pa po ako ng evidence. Isang araw mahuhuli rin natin si Pepe Rodriguez!

*Tatayo si CARA at lalapit sa manonood ng nakatawa. Kita sa background na balisang balisa si JACOB. Kakamot ito sa ulo habang papaalis ng entablado.*

**<u>CARA</u>**

(sasabihin sa manonood)

Akala niya maiisahan niya ko, ha? Ayan! Nakakuha rin ako ng comission. Nakabawi din ako sa manloloko. Kinabukasan, kumuha pa ako ng pekeng evidence.

(kukuha mula sa bag si CARA ng ilang bra at panty)

Kumuha ako ng mga panty mula sa ukay-ukay malapit sa gotohan. Iba't-ibang sukat at mukhang gamit na. Dinala ko lahat ito sa opisina.

*Lalapit sa lamesa si CARA at may pipindutin na maliit na kuliling. Lalabas sa entablado si JACOB GARCIA.*

**JACOB**

CARA! May lead ka na naman? As in physical evidence?

**CARA**

(seryoso)

Sir, meron po.

(Isa-isang ilalabas ni CARA ang mga bra at panty na nabili niya sa ukay-ukay.)

Nabalitaan ko po, mula sa isang reliable source, na involved si Pepe Rodriguez sa human trafficking. 'Yang mga yan ay mga damit na nakita ko sa basurahan ng bahay niya. Damit po yan ng mga kababaihang naibenta na sa mga foreigner.

*Kukuha ng rubber gloves mula sa lamesa si JACOB. Isusuot niya ito. Kukunin niya ang mga ebidensiya na dala ni CARA. Aalis siya sandali sa*

*entablado. Pagbalik niya, may dala na siyang timba. Ilalagay niya ang mga damit sa timba, at papailawan niya ito sa violet na ilaw.*

**CARA**

(seryoso)

Sir, ano po ginagawa niyo?

**JACOB**

Nagsa-Science.

**CARA**

Ah. Science.

*Titingin si JACOB kay CARA. Pagmamasdan ni JACOB ang reaksyon ni CARA. Ngingiti lang si CARA.*

**JACOB**

(mag-aalangan)

Good work, CARA! Magagamit natin lahat 'tong ebidensiya na 'to laban sa Pepe Rodriguez na 'yan. Mahuhuli din 'yang hayop na 'yan!

*Tatanggalin ni JACOB ang rubber gloves. Dudukot ito sa bulsa ng P1000, at muling ibibigay kay CARA.*

**JACOB**

(mag-aalangan)

Heto ang fee mo. Mag-iingat ka ha? Hindi natin alam kung gaano kalaki ang sindikatong kinakalaban natin.

**CARA**

(seryoso)

Sir, mag-ingat din po kayo. Delikado po itong trabaho natin.

*Tatayo si CARA at lalapit sa manonood ng nakatawa. Kita sa background na nag-iisip ng malalim si JACOB. Aalis muli si JACOB sa entablado.*

**CARA**

(sasabihin sa manonood)

O, diba? Sobrang effective ng naisip kong paraan kumita. Pero, alam niyo, nang mag-science si Sir JACOB, akala ko talaga mabubuking na ako. Pero, mukhang kabadong-kabado siya, ano? Parang dahan-dahan na akong napapaniwala na totoong may Pepe Rodriguez. Anyway, sabi niya kailangan niya daw ng litrato ni Pepe.

(matatawa)

Walang problema. Kasi pagkagaling ko sa opisina, nagkita kami ni BRIAN kinagabihan. Sinabi niya mag-inuman na lang daw kami sa bahay ko.

*Maglalakad si CARA patungo sa parte ng entablado kung nasaan naka-setup ang props para sa kwarto niya. May nakatalukbong sa kama. Hihiga si CARA sa kama. Babangon si BRIAN.*

**BRIAN**

(sasabihin sa manonood)

Ito ang gabi, bago ako nasaksak.

*Magdidilim ang entablado.*

**<u>Eksena 13: Ang Litrato ni Pepe Rodriguez</u>**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa opisina si CARA. Makikita sa background si JACOB na balisa at natataranta.*

**<u>CARA</u>**

(sasabihin sa manonood)

Kinabukasan, habang nag-aalmusal, nagsulat ako ulit ng mga notes sa pink na notebook tungkol sa pwede kong i-report kay Mr. Garcia. Madami ng laman 'yun. May mga date pa! Nandoon din ang mga na-research ko sa internet tungkol kay BRIAN. Pagdating sa office, ipinakita ko kay Mr. Garcia ang picture ni BRIAN mula sa camera-phone ko at sinabing iyon si Pepe Rodriguez. Ginatungan ko pa ng mga kuwento kung paano niya abusuhin ang mga babaeng dinadala niya sa apartment niya. Namutla ang mga labi ni Mr. Garcia. Tumahimik siya ng matagal. Tapos, bigla siyang nagtanong.

*Mula sa pagkabalisa sa background, biglanglalapit si JACOB kay CARA, at hahawak sa balikat niya. Magtatanong si JACOB.*

**<u>JACOB</u>**

(seryoso; balisa)

CARA, paano mo naman nalaman lahat ng ito?

**<u>CARA</u>**

(magugulat; sasabihin sa manonood)

Patay. Nabuking na yata ako. Nataranta talaga ako. Matagal akong natulala. Hindi ako makatingin sa hiya. Aamin na ba ako sa panlilinlang na ginawa ko? Naiiyak na ako sa kaba.

(lalayo kay JACOB)

Ah... Ano po...

(hindi makakasagot)

*Lalapit si JACOB at yayakapin mula sa likod si CARA.*

**<u>JACOB</u>**

(seryoso; balisa)

Sinaktan ka rin ba niya?

**CARA**

(magugulat; sasabihin sa manonood)

Hala si kuya, yumayakap! Naghalo ang hiya, takot, at pagkataranta ko. Hindi ko alam kung nabuking na ang panloloko ko. Hindi ko alam kung seryoso ba siyang nagtatanong, o kung sasakntan niya ako. Basta, niyakap niya ako, tapos napaiyak na lang ako. Sinakyan ko na lang ang drama niya. Sinabi ko na lang sa sarili ko na "last na 'to." Hindi na 'ko babalik dito."

*Biglang iiyak si CARA at yayakap kay JACOB.*

**JACOB**

Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari…

(titigil saglit; magagalit)

...Ipapupulis natin yang Pepe na yan!

(bibitiw sa pagyakap at hahawaka ang mga kamay ni CARA)

Ibigay mo sa akin ang mga litrato. Ipapahanap ko sa mga pulis 'yang hayop na yan!

**CARA**

(matataranta)

Wag po! Ako na po ang bahala!

**JACOB**

(galit; pasigaw)

Kailangan maparusahan ang gumawa ng karahasan sa iyo, CARA!

**CARA**

(matataranta)

Wag na po! Okay lang po talaga.

**JACOB**

(galit; pasigaw)

Hindi ako papayag, CARA. Kasalanan ko 'to, kasalanan ko 'to!

**CARA**

(matataranta)

Wait lang! Sandali!

*Titigil si JACOB na parang tumigil ang oras.*

*Haharap si CARA sa manonood.*

**<u>CARA</u>**

(sasabihin sa manonood)

Nataranta na talaga ako. Hindi ko alam kung paano aayusin ang gulong nagawa ko. Paano ko aaminin kay BRIAN o kay Mr. Garcia ang kwentong 'to? Hindi ko na alam ang gagawin ko kaya't tumakbo na lang ako.

*Tatakbo dahan-dahan palayo si CARA na parang slow-motion, papunta sa bahagi ng entablado kung saan nandoon ang kanyang kwarto.*

(sasabihin sa manonood)

Habang pauwi ako, ring ng ring ang telepono. Tawag ng tawag si Mr. Garcia! Nabuking na nga yata talaga ako.

*Magdidilim ang entablado.*

**Eksena 14: Ang Pangahas na si Pepe Rodriguez**

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikitang nasa kwarto muli tayo ni CARA. Ang kumot ay nakabalot kay CARA. Nakaupo siya sa kama. May ilang pulis na nagtatanong. Patuloy na umiiyak si CARA.*

**PULIS**

Ano po ba ang naaalala ninyo?

**CARA**

Basta, pagdating ko po sa apartment, ang daming tao.

(iiyak si CARA)

Hinarang kaagad ako ng mga pulis. Wag daw akong lumapit sa crime scene. Nasaksak daw si BRIAN. Ang daming dugo sa kwarto. Nanginginig pa ako nang tumawag ako kay Mr. Garcia.

**PULIS**

Sino po ulit si Mr. Garcia?

**CARA**

Siya po yung boss ko. Nanghihingi po ako ng tulong. Ang sabi ko po, "JACOB! May sumaksak kay BRIAN!, yung boyfriend ko, si BRIAN, sinaksak! Hindi ko alam ang gagawin ko. Tulungan mo ako. Hindi ko alam ang gagawin ko."

**PULIS**

Ano naman po ang sagot niya?

**CARA**

Sinigawan niya ako. Galit na galit siya. Ang sabi niya lang, "Si Pepe Rodriguez ang gumawa niyan! Ang pangahas na si Pepe Rodriguez!"

*Magdidilim ang entablado.*

## <u>PANGATLONG YUGTO</u>: ANG KWENTO NG SALARIN

### <u>Eksena 15: Epilogo</u>

*Sa pagbukas muli ng ilaw makikita sa entablado si JACOB. May bitbit siyang rehas. Hindi lang siya nakahawak sa rehas, as in, bitbit niya talaga.*

*Sa background, makikita ang dating opisina ni BRIAN.*

**<u>JACOB</u>**

(nanlulumo)

Paano ko ba ipaliliwanag kung bakit ko nagawa ang nagawa ko? Saan ba 'ko magsisimula?

(Ilalapag ni JACOB ang bitbit na rehas.)

Lahat ng lalaki nangarap maging bida; yung parang action star. Lahat rin nangarap magkaroon ng assistant na maganda, at manghuli ng mga masasamang-loob. Noong mga panahong 'yun, pakiramdam ko ako si Cesar Montano. Okay na sana kung

imbestigador nga ako, kaso hindi. Isa lang akong water treatment analyst. Ang trabaho ko ay suriin ang water sanitation levels ng mga refilling stations sa Quezon City. Dati, personal kong dinadalaw ang mga refilling station. Meron kaming daily food and transpo allowance na hanggang sa three hundred pesos isang araw. Basta may mga resibo, pwedeng ipa-reimburse. Pero dahil tinatamad na ako sa trabaho, nagbukas na lang ako ng opisina, at nagpapadala na lang ako sa mga negosyante ng sample ng tubig nila sa bote. Alam ko naman na karamihan sa kanila bumibili lang sa baba ng mineral water, at inililipat sa sarili nilang lalagyan.Pero wala na akong pakialam. Nakakainip 'tong trabahong 'to. Mag-isa lang ako lagi. Pero isang araw may dumating sa opisina.

*Papasok si CARA. May dala siyang diyaryo. May pipindutin siya sa lamesa na maliit na kuliling. Pupunta sa lamesa sa background si JACOB at mauupo.*

**JACOB**

(mabibighani sa ganda ni CARA; mapapangiti)

Ano po yun?

**CARA**

Sir, nabasa ko po yung ad niyo sa diyaryo, yung tungkol po doon sa junior investigator position. Mag-aaply po ako.

**JACOB**

Patingin?

*Ibibigay ni CARA ang diyaryo kay JACOB.*

(sasabihin sa manonood)

Dito ko na-realize na may ad pala sa diyaryo ang dating imbestegador na umuupa sa puwesto na 'to.

**CARA**

(titingin sa paligid)

Tama po ba ang napuntahan ko? Dito po ba yun?

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Alam ko na ang dapat sinabi ko, "Sorry, miss. Wala nang opisina ng imbestigador dito. Lumipat na yata siya." Pero, dahil nga wala akong magawa, sinimulan kong mag-interview.

(sasabihin kay CARA)

Ay, oo! Dito yan. Ako nga pala si JACOB. Imbestigador ako. O sige, simulan na natin ang interview. May asawa ka na ba?

**CARA**

Ay, wala po. Kailangan po ba meron? Kasi pwede naman po akong maghanap.

**JACOB**

Ay hindi, okay lang naman kahit wala. Boyfriend, meron ka?

**CARA**

Dati po. Pero naghiwalay na po kami eh, kasi nahuli siya ng asawa niya. Bakit niyo po natanong?

**JACOB**

(magsisinungaling)

Ah, kasi demanding ang trabaho, at saka, ano, delikado. Sobrang delikado, kaya inaalam talaga namin kung sino mga mahal sa buhay ng aplikante, para kung sakaling may mangyari, alam namin kung sino ang tatawagan.

**<u>CARA</u>**

(pabebe)

Single pa po kasi ako. Kahit manliligaw nga wala ako eh.

*Ngingiti at magpapa-cute si CARA dahil desperado siyang magkatrabaho. Ngingiti din si JACOB, at kikiligin.*

**<u>JACOB</u>**

(sasabihin sa manonood)

Guys, ramdam niyo ba yung tension? May chemistry kami ano?

*Ngingiti at magpapa-cute si CARA. Titingin si JACOB sa resume na dala ni CARA.*

(sasabihin kay CARA)

Carolina...

**<u>CARA</u>**

(pabebe)

Sir, CARA na lang po.

**JACOB**

CARA, gusto ko lang ipaalala sa'yo na delikado ang trabaho. Pero, 'wag kang mag-alala. Nandito naman ako eh. Sandali, nangangawit ako, tayo lang ako sandali para mag-stretch.

*Tatayo si JACOB at patitigasin ang mga muscles. Wala siyang muscles, pero madami siyang fighting spirit.*

**CARA**

(pabebe)

Sir, magkano po ba ang sweldo sa ganitong trabaho?

*Ngingiti at magpapa-cute si CARA. Titigil si CARA na parang tumigil ang oras.*

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Yun lang! Sa totoo lang, wala naman talaga akong balak tanggapin bilang assisitant imbestigadora si CARA dahil, una, hindi naman siya qualified. Pangalawa, hindi naman ako imbestigador. At pangatlo, wala naman kaming iimbestigahan.

(Tatayo si JACOB at lalapit kay CARA. Si CARA nakangiti at nakatingin pa rin sa kawalan.)

Pero, sayang kasi eh. May chemistry kasi kami. Meron naman akong food and transpo allowance na bigay ng opisina, na hindi ko nagagamit. Naisip ko na ibigay na lang ito sa kaniya. Kaya ang sabi ko...

(Babalik si JACOB sa pwesto at kakausapin muli si CARA)

Iba kasi ang sistema dito. Araw-araw meron kang food and transpo allowance na hanggang three hundred pesos, basta may resibo. Tapos, kapag may naipasa kang lead o ebidensiya na makakatulong sa imbestigasyon, mayroon kang bonus na one thousand pesos.

**CARA**

(pabebe)

Sir, ano naman po ba ang iimbestigahan ko?

*Ngingiti at magpapa-cute si CARA.*

**JACOB**

(mapapakamot sa ulo; sasabihin sa manonood)

Siyempre kailangan may ipagawa ako sa kaniya. Kaya't nag-imbento ako ng kriminal...

(titingin kay CARA; seryoso)

Kailangan mong hanapin kung saan nagtatago si Pepe Rodriguez. Si Pepe Rodriguez, dati pa pinaghahahanap ng mga awtoridad. Si Pepe Rodriguez, sobrang sama niya, dapat nilunok na lang siya ng nanay niya. Manyakis 'to. Madami na siyang naging biktima. Kailangan mahanap siya. Simulan mo siguro sa Facebook. Baka nandoon lang siya.

**CARA**

(pabebe)

Tanggap na po ako?

**JACOB**

(mahihiya)

Oo naman...

(titigil saglit)

...tanggap kita.

**CARA**

(Tatayo at yayakap si CARA kay JACOB.)

Ay! Thank you, sir!

**JACOB**

(yayakap ng mahigpit kay CARA)

Basta, galingan mo, ha?

**CARA**

Sige po, sir. Sisimulan ko na po ang imbestigasyon. Text-text na lang po tayo, kapag may nahanap na ko.

**<u>JACOB</u>**

Ah, sige. Ingat ka!

*Aalis si CARA. Bibitbitin muli ni JACOB ang rehas at iki-kwento ang mga naganap.*

(sasabihin sa manonood)

Ayun! Na-letse na. Isang araw, dumating si CARA. Sabi niya nahanap na daw niya si Pepe. Inilarawan ni CARA si Pepe at sinabi rin kung saan niya ito natagpuan. Ang alam ko talaga, naglolokohan lang kami. Naisip ko nga, naisahan ako ni CARA. Pero, bumalik kasi siya kinabukasan, na may dalang mga damit. Sinubukan ko siyang paaminin.

*Ilalapag muli ni JACOB ang rehas. Aalis si JACOB sa entablado sandali. Pagbalik nito, may dala siyang balde ng tubig at may rubber gloves*

(sasabihin sa manonood)

Naglagay ako ng rubber gloves. Kumuha ako ng tubig at nagkunwaring importante ang ginagawa ko. Inilagay ko ang mga damit sa ilalim ng ultra-violet lamp na gamit sa panunuri ng tubig.

*Darating si CARA sa entablado at lalapit kay JACOB.*

**CARA**

(seryoso)

Sir, ano po ginagawa niyo?

**JACOB**

Nagsa-Science.

**CARA**

Ah. Science.

*Titingin si JACOB kay CARA. Pagmamasdan ni JACOB ang reaksyon ni CARA. Ngingiti lang si CARA.*

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Walang reaksyon mula kay CARA. Nagsimula na akong magduda na maaaring may katotohanan ang sinasabi ni CARA. Ang nasabi ko lang...

(sasabihin kay CARA)

Wow, good work! Hindi ako makapaniwalang nahanap mo siya.

**CARA**

Hard work and determination lang po, sir.

**JACOB**

Seryoso, hindi talaga ako makapaniwala.

*Aalis si CARA sa entablado ng nakangiti.*

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Napagastos na naman ako ng isang libo. Nang araw na 'yun, nang-hingi ako ng litrato ng kriminal. Kinabukasan, bumalik si CARA dala ang litrato.

*Darating si CARA sa entablado. May ipapakitang litrato si CARA kay JACOB mula sa cellphone. Titigil si CARA na parang tumigil ang oras.*

(sasabihin sa manonood)

Ngayon, nagduda na talaga ako na di ko sinasadyang nailagay sa piligro si CARA. Madami akong tanong.

*Lalapit si JACOB kay CARA, at hahawak sa balikat niya. Magtatanong si JACOB.*

(seryoso; balisa)

CARA, paano mo naman nalaman lahat ng ito?

**CARA**

(magugulat; lalayo kay JACOB)

Ah... Ano po...

(hindi makakasagot; tatalikod kay JACOB)

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Habang nagtatanong ako, halatang natataranta si CARA. Pinag-isipan ko talaga kiung bakit niya ginagawa ito. Doon ko naisip ang maaaring dahilan. Baka dati siyang biktima nitong lalaking ito, at ginagamit niya ang imbestigasyon namin para makabawi, o para ipakulong kung sinuman ang lalaking nagsamantala sa kanya. Sa sobrang awa ko kay CARA, napayakap talaga ako sa kanya.

*Lalapit si JACOB at yayakapin mula sa likod si CARA.*

(seryoso; balisa; magtatanong kay CARA)

Sinaktan ka rin ba niya?

*Biglang iiyak si CARA at yayakap kay JACOB.*

**JACOB**

Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari…

(titigil saglit; magagalit)

...Ipapupulis natin yang Pepe na yan!

(bibitiw sa pagyakap at hahawaka ang mga kamay ni CARA)

Ibigay mo sa akin ang mga litrato. Ipapahanap ko sa mga pulis 'yang hayop na yan!

**CARA**

(matataranta)

Wag po! Ako na po ang bahala!

**JACOB**

(galit; pasigaw)

Kailangan maparusahan ang gumawa ng karahasan sa iyo, CARA!

**CARA**

(matataranta)

Wag na po! Okay lang po talaga.

**JACOB**

(galit; pasigaw)

Hindi ako papayag, CARA. Kasalanan ko 'to, kasalanan ko 'to!

**CARA**

(matataranta)

Wait lang! Sandali!

*Tatakbo dahan-dahan palayo si CARA na parang slow-motion, palabas nang entablado.*

**JACOB**

(nanlulumo; sasabihin sa manonood)

Dahil na rin siguro sa takot o sa trauma, nagtatakbo siya.

(magbabago ang tono; magagalit)

Matapos ang ilang minuto may narinig akong katok.

*May katok na maririnig. Bubuksan ni JACOB ang pinto. Magugulat siya at matutumba.*

(matatakot; sasabihin sa manonood nang pasigaw)

Siya yun! Dumating na nga si Pepe Rodriguez sa opisina!

(Tatayo si JACOB at kakausapin si BRIAN ng pasigaw)

**BRIAN**

(titingin sa paligid; magtataka)

Dito ba nagtatrabaho si CARA?

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Nalaman niya yatang nagsumbong si CARA at gusto niyang patayin! Hinding-hindi ko sasabihin kung nasaan si CARA!

(kakausapin si BRIAN)

Sino ka?

**BRIAN**

Ako si BRIAN.

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Halatang-halata na nagsisinungaling siya, diba guys?

(sisigawan si BRIAN)

Walang CARA na nagtatrabaho dito!

**BRIAN**

(magugulat)

Okay. Boss, nagtatanong lang naman ako. Hihintayin ko na lang siya sa bahay niya. Pakisabi na lang dumaan si BRIAN.

*Aalis si BRIAN mula sa entablado.*

**JACOB**

(sasabihin sa manonood)

Isa 'yung hamon. Hinahamon niya 'ko. Ipinaalam pa talaga niya sakin na pupuntahan niya si CARA. Hindi ko alam ang gagawin ko.

(natataranta)

Tatawag ba ako ng pulis? Hahanapin ko ba si CARA? Sinubukan ko siyang tawagan sa telepono.

(Ilalabas ni JACOB ang cellphone.)

Sasabihin ko sana na huwag munang umuwi, dahil baka abutan siya ni Pepe Rodriguez sa bahay niya...

(titigil saglit; titignan ang cellphone)

Pero, hindi siya sumasagot. Mas lalo akong nag-alala. Baka natagpuan na siya ni Pepe Rodriguez. Baka hindi na umabot ang mga pulis! Tapos...

(magbabago ang tono; magiging masaya)

Naisip ko... baka nilaan ng tadhana para sa akin 'tong pagkakataong 'to. Ito na nga ang *destiny*.

(sasabihin sa manonood)

Lahat nang lalaki nangarap maging bida; yung parang action star. Lahat din nangarap magkaroon ng assistant na maganda, at manghuli ng mga masasamang-loob. Pero hindi lahat ng tao nagkakaron ng pagkakataon maging tagapagligtas.

(pupunta sa desk ng opisina si JACOB)

Dali-dali kong hinanap ang resume na ibinigay sa akin ni CARA nang mag-apply siya.

*Kukunin ni JACOB ang resume.*

(sasabihin sa manonood)

Nang mahanap ko na ang resume. Nagmamadali ako. Pero kailangan ko ng sandata. Alam ko na! Sa office supplies!

*Makakahanap ng malaking gunting si JACOB sa tukador, sa lamesa.*

(sasabihin sa manonood)

Pwede na 'to! Dali-dali kong pinuntahan ang bahay ni CARA.

*Tatakbo si JACOB paalis ng entablado. May katok na maririnig. Hindi kita ng manonood kung sino ang kumatok. May sisigaw ng, "Pepe Rodriguez, katapusan mo na!" May maririnig na kalampag. Maglalakad dahan-dahan si BRIAN pabalik ng entablado. Duguan siya. Babagsak siya sa sahig.*

*Magdidilim ang entablado.*

**--- TELON ---**